# Pag-uugnay ng mga Numero sa mga Bilang

## Pagpipilian

Hilingin sa inyong anak na pumili ng isa o higit pa sa mga aktibidad na ipinapakita sa ibaba. Ang pagpili at pagsasagawa nito ay mahahalagang kasanayan para sa kognitibo at emosyonal na pag-unlad. **Pumili mula sa sumusunod na mga aktibidad para malaman kung anong mga numero ang nalalaman ng inyong anak at "kung ilan" ang numerong kinakatawan nito.**

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Mungkahi sa Pamilya:** Humanap ng mga numero sa buong maghapon. Magsanay sa pagpapangalan ng mga numero at pagbibilang sa numerong iyon. Ipagamit sa mga bata ang kanilang mga daliri para maging kinatawan ng maliliit na numerong kanilang nakita. | **Mga Card ng Numero:** Isulat ang mga numerong 1-5 sa limang magkakahiwalay na card**.** Paghalu-haluin ang pagkakasunod-sunod ng mga numeral card na 1-5 sa harap ng bata. Ipabaligtad sa bata ang bawat numeral card habang pinapangalanan niya ito. Hilingin sa bata na ilatag ang mga numeral card at ilagay ang tamang numero ng mga bagay sa bawat card. Kung matagumpay ito, ulitin sa mga numerong hanggang 20. | **Paghahanap ng mga Numero:** Sa buong maghapon, maghanap ng mga numero at hilingin sa bata na sabihin sa inyo kung anong numero ito. Sabihin sa bata na ipalakpak o italon ang numerong iyon. | **Tic Tac Toe ng Numero:** Dalawang Manlalaro: Gumuhit ng 3x3 na grid at punuin ito ng hindi magkakasunod-sunod na numero (1-10) sa bawat kahon. Magsasalitan ang bawat manlalaro sa pagpapangalan ng numero at pagpapakita ng numerong iyon nang may aksyon o pagkilos (tumatalon, pumapalakpak, pumapadyak). Kapag napangalanan nang tama ang numero, lalagyan ng ekis ng manlalaro ang numero o guguhitan ito para malagyan ng marka. Ulitin ang pagsasalitan hanggang mapangalanan ang lahat ng numero o |
| **Igulong at Pangalanan:** Isulat ang mga numerong 1-6 sa isang pirasong papel. Sabihin sa bata | **Pagkilala sa mga Numero:** Isulat sa di-wastong pagkakasunod-sunod ang mga numerong | **Mga Numero sa Libro:** Maghanap ng librong may mga numero ng pahina. Magsalitan sa | |

| | | | |
|---|---|---|---|
| na magpagulong ng dice, pangalanan ang numerong gumulong, at lagyan ng ekis ang katugmang numero sa papel. Ulitin hanggang malagyan ng ekis ang lahat ng numero. | 1-20 sa anumang patungan at tingnan kung kayang sabihin sa inyo ng bata ang numerong isinulat ninyo. Sabihin sa bata na tumalon, lumukso, o lumundag nang katumbas ng bilang na iyon. | pagbubukas ng libro sa iba-ibang pahina at pagsasabi ng numero sa pahina. | kapag nanalo ang isang manlalaro sa pamamagitan ng pagkuha ng 3 numero nang sunod-sunod. Kapag nagtagumpay ang bata, ulitin sa mga numerong 11-20 |